Tigdas (Measles)

Ano ang dapat mong malaman.

Tacoma-Pierce County Health Department
Healthy People in Healthy Communities

Ito ay isang malubhang impeksiyon na dulot ng virus.

Ang tigdas ay malubhang nakakahawa at maaaring nakakamatay.

Nananatili ito sa hangin 2 oras matapos iwan ng taong may impeksiyon ang isang lugar.

Protektahan ang iyong pamilya.

Ligtas at mabisa ang bakuna para sa tigdas. Ipabakuna ang iyong pamilya.

Ano ang dapat subaybayan.

Nagsisimula ang tigdas sa lagnat, mga namumulang mata, ubo at tumutulong sipon





Pagkatapos ng 3 araw, nagsisimulang lumitaw ang mapulang butlig sa mukha at kumakalat pababa sa katawan.

Mga bata ang karaniwang nakakaranas ng pinakamalubhang sintomas at maaaring kailanganin na pumunta sa ospital.

Kung sa tingin mo ay mayroon ka o iyong pamilya ng tigdas:

1. Tawagan agad ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

2. Sasabihin sa iyo ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung paano makakakuha ng pangangalaga nang hindi nahahawaan ang iba.

3. Manatili sa bahay at huwag tumanggap ng mga bisita.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa tigdas, pumunta sa www.tpchd.org/measles.